



SAMBUHAY

ST PAULS MEDIA **pastoral ministry**



Taon 30 Blg. 35


Pagmimisa sa Hatinggabi sa Pasko ng Pagsilang (A) - Puti

Disyembre 25, 2016

“Balat” ng Tao, Binura ng Pasko

Si Tom ay isang binatang nag-saaral sa kolehiyo. Mayroon siyang isang malaking pulang “balat” sa kanyang isang mata pababa sa kanyang mukha, sa kanyang buong bibig, sa leeg, at hanggang sa kanyang dibdib. Sa kabila nang “kapintasang” iyon, marami siyang kaibigan. Isang araw, tinanong siya ng isang kaibigan, “Tom, paano mo nakayanan ang sakit sa kalooban na bunga ng malaking balat na ‘yan?” Sumagot si Tom, “Ah, dahil sa tatay ko. Alam mo, lagi niyang sinasabi sa akin, ‘Anak, ‘yang balat na ‘yan ang marka ng halik ng anghel sa iyo dahil gusto niyang tatakan ka para lang sa akin. Ikaw ang pinakamahalaga sa akin at mahal na mahal kita. Kaya kahit na mapasama ka pa sa maraming tao, madali kitang nakikita dahil akin ka. Maraming beses na sinabi sa ‘kin ‘yun ng tatay ko hanggang sa naawa na tuloy ako sa mga kaibigan kong walang mga balat”’ (William J. Bausch, Story Telling the Word, 1996).

Sa palagay ko magandang paglalarawan ang kwentong ito sa tunay na diwa ng Pasko. Bakit nga ba naparito sa mundo ang Anak ng Diyos? Ang sagot ng ebanghelistang si Juan: “Ganito nga kamahal ng Diyos ang mundo! Kaya’t ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak... Hindi nga sinugo ng Diyos sa mundo ang Anak upang hukuman ang mundo kundi upang maligtas ang mundo sa pamamagitan niya” (3:16-17).



Ang kasalanan ng mundo at ng bawat tao ay tulad din ng isang “balat.” Nilikhang likas na mabuti, maganda, at kahanga-hanga ang tao at ang buong sanlibutan (tgn. Gen 2:31) kaya maituturing ang kasalanan na isang kapintasang hindi sana dapat na naroroon ang tao. Ngunit sa kabila ng kapintasang ito, hindi nawala ang pagmamahal ng Diyos sa tao at lalo pa ngang tumindi na pati ang pinakamamahal niyang Anak ay nagkatawang-tao. Sa pagiging tao ng Anak ng Diyos, hindi naging marumi ang Diyos kundi ang tao ang naging malinis; hindi nabahiran ng kasalanan at nagkasala ang Diyos kundi ang tao ang naligtas sa kasalanan. Sa madaling salita, hindi lang tayo patuloy na minahal ng Diyos sa kabila ng “balat ng kasalanan” kundi binura pa niya ang “balat” na iyon upang lumitaw ang tunay na “kinis ng kutis” ng tao na sa katotohanan naman ay

nilikha sa larawan ng Diyos (tgn. Gen 2:27). Ito ang kahulugan ng Pasko ayon kay Kardinal Basil Hume, OSB: “Ang dakila at kahanga-hangang Diyos ay naging tao para sa akin!”

Ganito tayo kahalaga sa mata ng Diyos. Ganito rin kaya kahalaga ang tingin natin sa ating sarili, sa ating pagka-tao?

Pasko na naman. Isang natatanging pagkakataon na naman upang paunlakan natin ang paanyaya ng Diyos na tingnan ang ating sarili at ang ating kapwa tulad ng pagtingin niya sa bawat isa sa atin: maganda, mabuti, kaibig-ibig—sa kabila ng ating “balat.” Anuman ang ating kapintasan, kahinaan o kasalanan, huwag tayong mawalan ng pag-asa. Ang kapintasan, kahinaan o kasalananang iyan pa nga ang ating “pag-asa” sapagkat ang Panginoong Hesus mismo ang nagsasabi: “Hindi ako pumarito para tawagin ang mabubuti kundi ang mga makasalanan” (Mc 2:17).

Dumating na ang Panginoong Tagapagligtas. Handa ka na bang salubungin siya? Kumakatok na siya sa pintuan ng puso mo. Handa ka na bang papasukin siya? Masuyo niyang tinitingnan ang “balat” mo. Handa ka na bang hapusin niya ito, hagkan at linisin ang “balat” mo? Totoo at maligaya ang Pasko mo kung “oo” ang sagot mo sa lahat ng ito.

— Fr. Jean Marie Rollin I. Flores, SSP



SUNDAY • TV MARIA • 8:30AM • 3:00PM • 9:00PM
Dream Satellite Ch 1 • Destiny Cable Ch 94 • Sky Cable Ch 160

PASIMULA

Pambungad [Slm 2:7]

(Basahin kung walang pambungad na awit)

Sabi sa akin ng Poon, “Isinilang kita ngayon, anak ko, habang panahon paghahari’y sa ’yo ukol ng lubos kong pagsang-ayon.”

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus)

P - Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, and pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa’y sumainyong lahat.

B - At sumaiyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring gamitin ang mga ito o kahalintulad na mga pahayag)

P - Ito ang gabi ng kapayapaan at kagalakan. Halina’t ating sambahin si Hesus, ang ating Emmanuel, ang Diyos-na-sumasaatin sa pagdiriwang natin ng Eukaristiya ng Pasko.

Pagsisi

P - Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo’y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. (Tumahimik)

B - Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala (dadagok sa dibdib) sa isip, sa salita, sa gawa, at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako’y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

P - Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B - Amen.

P - Panginoon, kaawaan mo kami.
B - Panginoon, kaawaan mo kami.

P - Kristo, kaawaan mo kami.

B - Kristo, kaawaan mo kami.

P - Panginoon, kaawaan mo kami.

B - Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalalugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataastaasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Panalangin Pambungad

P - Manalangin tayo. (Tumahimik)

Ama naming makapangyarihan, pinasikat mo sa gabing ito ang sinag ng iyong liwanag na totoo. Pasikatin mo sa amin ang iyong liwanag sa kalangitan na ngayo’y aming pinatutuloy sa aming pamumuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B - Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa [Is 9:1-6] (Umupo)

Ipinahayag ni propeta Isaias ang pagsilang ng isang sanggol na siyang magiging Mesiyas at Prinsipe ng Kapayapaan.

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

NAKATANAW ng isang malaking liwanag ang bayang malaon nang nasa kadiliman, namanaag na ang liwanag sa mga taong namumuhay sa lupaing balot ng dilim. Iyong pinasigla ang kanilang pagdiriwang, dinagdagan mo ang kanilang tuwa. Tulad ng mga tao sa panahon ng anihan, tulad ng mga taong naghahati ng nasamsam na kayamanan. Nilupig mo ang bansang umalipin sa iyong bayan tulad ng pagkalupig sa hukbo ng Madian. Binali mo ang panghambalos ng mga tagapagpahirap sa kanila. Sapagkat ang panyapak ng mga mandirigma, ang lahat ng kasuutang tigmak sa dugo ay susunugin. Sapagkat

ipinanganak para sa atin ang isang sanggol na lalaki. Ibinigay ang isang anak sa atin at siya ang mamamahala sa atin. Siya ang Kahanga-hangang Tagapayo, ang Makapangyarihang Diyos, walang hanggang Ama, ang Prinsipe ng Kapayapaan. Malawak na kapangyarihan at walang hanggang kapayapaan ang ipagkakaloob sa trono ni David at sa kanyang paghahari upang matatag ito at papanatilihin sa katarungan at katwiran ngayon at magpakailanman. Isasagawa ito ng Makapangyarihang Panginoon.

— Ang Salita ng Diyos.

B - Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 95)

T - Sa ati’y sumilang ngayon Manunubos, Kristong Poon.

E. C. Marfori



Sa a-ti'y su-mi-lang nga-yon



Ma-nu-nu-bos, Kris-tong Po-on.

1. Purihin ang Panginoon,/ awitan ng bagong awit;/ ang Poon ay papurihan nitong lahat sa daigdig! (T)

2. Awitan ang Panginoon,/ ngalan niya ay purihin;/ araw-araw ang ginawang pagliligtas ay banggitin./ Kahit saa’y ipahayag na ang Poon ay dakila,/ sa madla ay ipahayag ang dakila niyang gawa. (T)

3. Lupa’t langit ay magsaya,/ umugong ang kalaliman,/ lahat kayo na nilikhang nasa tubig ay magdiwang./ Ang bukirin at ang lahat ng naroon ay sumigaw,/ pati mga punongkahoy sa galak ay mag-awitan. (T)

4. Ang Poon ay pupurihin,/ pagkat siya ay daratal,/ paririto sa daigdig,/ upang lahat ay hatulan./ Tapat siya kung humatol at lahat ay pantay-pantay. (T)

Ikalawang Pagbasa (Ti 2:11-14)

Hinihikayat tayo ni San Pablo na mabuhay nang matuwid at tapat sa mga utos ng Diyos.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo kay Tito

PINAKAMAMAHAL kong kapatid: Inihayag ng Diyos ang kan-

yang kagandahang-loob na nagdulot ng kaligtasan sa lahat ng tao. Ito ang siyang umaakay sa atin upang talikdan ang likong pamuhay at damdaming makalaman. Kaya't makapamuhay tayo ngayon nang maayos, matuwid at karapat-dapat sa Diyos samantalang hinihintay natin ang ating inaasahan—ang dakilang Araw ng paghahayag sa ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Hesuskristo sa gitna ng kanyang kaningningan. Ibinigay niya ang kanyang sarili upang iligtas tayo sa lahat ng kalikuan at linisin para maging kanyang bayan na nakatalagang gumawa ng mabuti.

— Ang Salita ng Diyos.

B - Salamat sa Diyos.

Aleluya [Lc 2:10-11] (*Tumayo*)

B - Aleluya! Aleluya! Ito'y Balitang masaya Manunubos sumilang na sa ati'y Kristo, Poon s'ya. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Lc 2:1-14)

P - Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B - Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon, iniutos ng Emperador Augusto na magpatala ang lahat ng nasasakupan ng Imperyo ng Roma. Ang unang pagpapatalang ito'y ginawa nang si Cirenio ang gobernador ng Siria. Kaya't umuwi ang bawat isa sa sariling bayan upang magpatala.

Mula sa Nazaret, Galilea, si Jose'y pumunta sa Betlehem, Judea, ang bayang sinilangan ni Haring David, sapagkat siya'y mula sa angkan at lahi ni David. Kasama niyang umuwi upang magpatala rin si Maria na kanyang magiging asawa na noo'y kagampaan. Samantalang naroroon sila, dumating ang oras ng panganganak ni Maria at isinilang niya ang kanyang panganay at ito'y lalaki. Binalot niya ng lampin ang sanggol at inihiga sa isang sabsaban, sapagkat wala nang lugar para sa kanila sa bahay-panuluyan.

Sa lupain ding yaon ay may mga pastol na nasa parang, nagpuyat sa pagbabantay ng kanilang mga tupa. Biglang lumitaw sa harapan nila ang isang anghel ng Panginoon at lumaganap sa paligid nila ang nakasisilaw na kainingningan ng Panginoon. Natakot sila nang gayun na lamang,

ngunit sinabi sa kanila ng anghel, "Huwag kayong matakot! Ako'y may dalang mabuting balita para sa inyo na magdulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Sapagkat isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong Tagapagligtas, ang Kristong Panginoon. Ito ang palatandaan: matatagpuan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin at nakahiga sa sabsaban."

Biglang lumitaw sa tabi ng anghel ang isang malaking hukbo ng kalangitan, na nagpupuri sa Diyos: "Papuri sa Diyos sa kaitaasan, at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya!"

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B - Pinupuri ka namin, Panginoong Hesuskristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B - Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesuskristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. (*sandaling luluhod ang lahat*) **NAGKATAWANG-TAO SIYA LALANG NG ESPIRITU SANTO, IPINANGANAK NI SANTA MARIANG BIRHEN. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.**

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P - Ngayong gabi, ilapit natin sa mapagpalang Ama ang ating mga panaghoy, mga pangarap, at mga pag-asa. Taglay ang matinding kagalakang dulot ng pagsilang ng Bugtong Anak na si Hesus, samasama tayong manalangin:

T - Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

L - Maghari nawa ang kapayapaan sa lahat ng mga bansa, gayon din

sa aming tahanan at sa aming puso. Manalangin tayo: **(T)**

L - Matutunan nawa muli ng aming mga pinuno sa Simbahan ang simpleng buhay katulad ni Hesus na tumupad sa kalooban ng Ama sa lahat ng oras. Manalangin tayo: **(T)**

L - Turuan mo kaming kumiling sa mga mahihirap, mga mababang-loob, at mga itinakwil ng lipunan. Nawa'y sikapin naming tularan ang ginawa mong paglingap sa kanila. Manalangin tayo: **(T)**

L - Kupkupon mo ang mga nawalan ng tahanan sa sakunang dulot ng kalikasan, demolisyon, at mga kaguluhan sa kanilang mga lugar. Manalangin tayo: **(T)**

L - Ingatan mo ang mga mahal namin sa buhay na hindi namin makakapiling sa Paskong ito: mga doktor at nars sa ospital, mga OFWs, mga sundalo, mga bilango, at ang mga sumakabilang-buhay. Manalangin tayo: **(T)**

P - Ama naming Diyos, ngayong gabi, nagdiriwang kami sa pagsilang ng iyong Anak. Habang ginugunita namin ang kanyang pagiging tao, patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, at ihatid mo kami sa kapayapaang walang wakas.

Hinihiling namin ito sa ngalan ni Kristong aming Panginoon.

B - Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



Paghahain ng Alay

(*Tumayo*)

P - Manalangin kayo...

B - Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P - Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang paghahain ngayong Pasko ng Pagsilang. Sa pagpapalitang ito ng iyong kaloob at aming handog ang Anak mong umako sa aming kaabahan ay siya nawang magparangal sa ami't magtampok bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpapasalang hanggan.

B - Amen.

Ikatlong Prepasyo sa Pasko ng Pagsilang

P - Sumainyo ang Panginoon.

B - At sumaiyo rin.

P - Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B - Itinaas na namin sa Panginoon.

P - Pasalamat natin ang Panginoon at Diyos.

B - Marapat na siya ay pasalamat.

P - Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sumilay sa amin ang pagkaka-taong makipagpalitang-handog sa iyo ngayon. Inako ng iyong maaasahang Anak ang pagkatao naming alangan at hamak. Kahit kamatayan namin ay kanyang natikman upang kami'y makasalo sa buhay na walang hanggan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B - Santo, Santo, Santo...
(Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B - Ang kamatayan mo, Panginoon, aming ipinahahayag. Ang muli mong pagkabuhay ay ipinagdiriwang hanggang sa iyong pagbabalik.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B - Ama namin...

P - Hinihiling naming...

B - Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinasabang
(Lumuhod)

P - Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B - Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Pakikinasabang (Jn 1:14)

Naging tao ang Salita ng Diyos Amang Lumikha. Kani-ningan n'yang dakila nakita

Ngayon ay isinilang ang Anak ng Diyos, at nagbabago ang lahat. Ang Tagapaglitas ng mundo ay dumarating upang makibahagi sa ating katauhan; hindi na tayo nag-iisa at napabaya. Inaalay ng Birhen sa atin ang kanyang Anak bilang panimula ng bagong buhay. Dumating na ang tunay na liwanag upang tanglawan ang ating mga buhay na malimit dinadagsa ng kadiliman ng kasalanan. Ngayon natutuklasan natin kung sino tayo! Ngayong gabi ay ipinakikita sa atin kung paano marating ang dulo ng ating paglalakbay.

Ito ang dahilan upang tayo'y sumaya at magalak: "sa atiy isinilang" ang Batang ito; siya'y "kaloob sa atin," pahayag nga ni Isaias (tgn 9:5). Ang sambayanang sa loob ng dalawang libong taon ay tinahak lahat ng daanan ng mundo upang tulutan ang bawat lalaki at babae na makibahagi sa ligayang ito ay ngayo'y hinihirang upang ipabatid sa mga bansa ang "Prinsipe ng kapayapaan" at ang kanyang pagiging mabisang lingkod.

Itinuturo ng Batang ito kung ano ang tunay na mahalaga sa ating buhay. Isinilang siya sa karukhaan ng mundong ito; walang silid na mailaan sa bahay-panuluyan para sa kanya at kanyang pamilya. Nakatagpo siya ng matutuluyan sa kwadra at inihiga siya sa sabsaban para sa mga hayop. Sa kabila ng lahat ng kawalang ito, kuminang ang liwanag ng luwalhati ng Diyos. Mula ngayon, ang daan patungo sa tunay na paglaya at pangmatagalang pagkakatubos ay nabuksan para sa bawat lalaki at babaeng payak ang puso. Itong Bata, na may mukhang binabanaag ang kabutihan, habag, at pag-ibig ng Diyos Ama, ay sinasanyang tayo ang kanyang mga alagad, ika nga ni San Pablo, na "itakwil ang "hindi pagpapakabanal" at ang kayamanan ng mundo, upang makapamahay "nang seryoso, makatarungan, at naglilingkod sa Diyos" (Ti 2:12).

Dakilang Kapistahan ng Kapanganakan ng Panginoon

Hinuha mula sa Homiliya ni Santo Papa Francisco

Basilika sa Batikano

Huwebes, ika-24 ng Disyembre 2015

nating nabadha sa pamumuhay n'yang dukha.

Panalangin Pagkapakinabang
(Tumayo)

P - Manalangin tayo. (Tumahimik)

Ama naming mapagmahal, sa pagdiriwang namin ng maligayang Pasko pagindapatin mong kami'y makasalo sa pamumuhay ng Anak mong kalugud-lugod sa iyo bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B - Amen.

PAGTATAPOS

P - Sumainyo ang Panginoon.

B - At sumaiyo rin.

Maringal na Pagbabasbas

P - Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. (Tumahimik)

Ang Diyos na humawi sa kadiliman noong magkatawang-tao ang Anak niyang mahal at nagdulot ng liwanag sa banal na gabi pakundangan sa kanyang pagsilang ay siya nawang magtaboy sa dilim ng kasamaan at magpaningning sa liwanag ng kabutihan sa inyong kalooban

ngayon at magpasawalang hanggan.

B - Amen.

P - Ang Diyos na nagsugo ng Anghel para ihatid ang Magandang Balita ay siya nawang pumupos sa inyo ng tuwa para maihatid sa tanan ang kanyang Mabuting Balita ngayon at magpasawalang hanggan.

B - Amen.

P - Ang Diyos na nag-ugnay ng lupa sa kalangitan ay siya nawang pumupos sa inyo sa kapayapaan at kaluguran bilang mga katambal ng nasa langit niyang Sambayanan ngayon at magpasawalang hanggan.

B - Amen.

P - Pagpapalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

B - Amen.

Pangwakas

P - Taglayin ninyo sa inyong pag-alis ang kapayapaan ni Kristo.

B - Salamat sa Diyos.

Maligayang Pasko sa Lahat!

— SAMBUHAY Editor & Staff